

# Pagsasanay sa Filipino

© 2013 Pia Noche, www.samutsamot.com

Pangalan \_\_\_\_\_ Petsa \_\_\_\_\_ Marka \_\_\_\_\_  
12

## Pagtukoy ng Sanhi o Bunga

### A. Salungguhitan ang **sanhi** sa bawat pangungusap.

1. Dahil nalasing si David sa alak, hindi na siya pinayagan mag-maneho pauwi.
2. Tahimik at madilim na ang bahay dahil tulog na ang lahat.
3. Tinaas ni Tricia ang kanyang kamay kasi alam niya ang tamang sagot sa tanong ng guro.
4. Masikip na ang lumang sapatos ni Mabel kaya bumili ng bagong sapatos si Tatay.
5. Sapagka't hindi marunong lumangoy si Terry, ginamit niya ang salbabida.
6. Dahil sa labis na paninigarilyo, nagkaroon ng sakit sa baga ang tito ni Atoy.

### B. Salungguhitan ang **bunga** sa bawat pangungusap.

1. Pumunta sila sa hapag kainan kasi nakahain na ang pagkain.
2. Uhaw na uhaw si Gilbert kung kaya't uminom siya ng maraming tubig.
3. Pinakain ko ang alagang aso mo dahil kanina pa ito tumatahol.
4. Itinakbo sa ospital ang babae sapagka't nahimatay siya sa pagod.
5. Nawalan ng preno ang dyip kaya bumangga ito sa poste.
6. Dahil sinundan niya ang mga babala sa kalsada, nakaiwas siya sa sakuna.